NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS
Philippine Cultural Education Program

TIMPALAK SA PAGSULAT NG PLANONG PAMPAGKATUTO GAMIT ANG PAMANANG PANGKULTURA

Ang TIMPALAK SA PAGSULAT NG PLANONG PAMPAGKATUTO GAMIT ANG PAMANANG PANGKULTURA ay isang timpalak na naglalayong palalimin ang pagpapahalaga sa mga pamanang kultura ng isang bayan sa pagpapasok ng mga ito sa pormal na sistema ng batayang edukasyon. Ito ay sa pamamagitan ng pagsulat ng planong pampagkatuto (learning plan) na gumagamit ng pamanang pangkultura (nasasalat man o di-nasasalat) sa paglinang ng mga kompetensi sa tiyak na mga asignatura mula Kinder hanggang Baitang 12. Ang nasabing pamanang pangkultura ay maaaring bahagi ng umiiral nang imbentaryo ng pambansa o lokal na pamahalaan o naimapa ng mismong mga gurong mag-aaral. Tugon ang timpalak sa mandato ng PCEP na maipaloob ang mga pambansang yamang pangkultura at mahahalagang ari-ariang pangkultura sa sistema ng batayang edukasyon (R.A. 10066, Art. X, Sek. 38).

1. Ang timpalak ay bukás sa lahat ng gurong mag-aaral (pre-service teachers) na nasa Ikaapat na Taon na kumukuha ng alinman sa sumusunod na mga programa: (a) *Bachelor of Culture and Arts Education*, (b) *Bachelor of Early Childhood Education*, (c) *Bachelor of Elementary Education*, (d) *Bachelor of Special Needs Education*, (e) *Bachelor of Secondary Education* (lahat ng espesyalisasyon), (f) *Bachelor of Physical Education*, o (g) *Bachelor of Technology and Livelihood Education* sa anumang unibersidad o kolehiyo sa bansa na kinikilala ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED). Ang mga kalahok ay dapat nakaenrol sa kasalukuyang Taóng Akademiko.

2. Ang mga kalahok ay dapat magrehistro at dumalo sa Kongreso ng Gurong Mag-aaral (K-Guma) 2024 ayon sa sumusunod na iskedyul ng kinaroroonang *island cluster* ng kanilang unibersidad / kolehiyo:

   Luzon – Agosto 30, 2024
   Visayas – Setyembre 7, 2024
   Mindanao – Setyembre 14, 2024

   Ang rehistrasyon at pagdalo sa K-Guma 2024 ay isang **kahingian** sa paglahok.

3. Batay sa gagawing pagsasanay sa K-Guma 2024, ang mga kalahok ay dapat bumuo ng isang planong pampagkatuto na gumagamit ng isang pamanang pangkultura ng kanilang bayan sa paglinang ng isang kompetensi sa kurikulum ng batayang edukasyon. Ang pamanang pangkultura ay maaaring maging isang tangible o intangible cultural heritage basta nasa kanilang probinsiya o bayan. Maaari din itong maging bahagi ng umiiral nang imbentaryo ng pambansa (hal., mula sa Philippine Registry of Cultural o mula sa tala ng mga sagisag kultura) o lokal na pamahalaan. Maaari ding ang mga gurong mag-aaral ang mismong nagmapa nito bilang bunga ng pagsasanay nila sa K-Guma 2024.

4. Gamitin ang itinakdang templeyt ng PCEP (tingnan ang kalakip) sa pagbuo ng planong pampagkatuto.

5. Bawat planong pampagkatuto ay dapat gawain nang indibidwal.

6. Ang planong pampagkatuto ay nakabatay sa isang linggong pagtuturo na may apat na pagkikitang tig-iisang-oras. Malaya ang mga kalahok na pumili ng kompetensi na lilinangin sa

isang-linggong pagtuturo-pagkatuto mula sa Matatag Curriculum o sa Most Essential Learning Competencies ng itinuturo nilang asignatura.

7. Ang planong pampagkatuto ay dapat nasa wikang Filipino.

8. Sundin ang sumusunod na pormat sa ipapásang lahok:

Súkat ng dokumento:	8.5 in. x 11 in. (letter)
Font:	Times New Roman
Font Size:	11
Espasyo:	Single
Margin:	1 in. sa lahat ng panig
Alignment:	Justified

9. I-save ang pinal na lahok bilang PDF file at i-upload sa **https://bit.ly/GawadPCEP24**.

10. Ang dedlayn ng pagpapása ng lahok ay sa **Oktubre 18, 2024, 5:00 n.h**.

11. Pipili ng sampung *finalists* na ihahayag sa Diwang: Sagisag Kultura ng Filipinas na gaganapin sa Disyembre 1, 2024 sa opisyal na Facebook Page ng PCEP na facebook.com/pcepofficial.

12. Ang mga magwawagi sa TIMPALAK SA PAGSULAT NG PLANONG PAMPAGKATUTO GAMIT ANG PAMANANG PANGKULTURA ay pagkakalooban ng katibayan ng pagkilala at gantimpalang salapi na PhP 5,000.00 bawat *finalist*.

13. Ang sumusunod ang mga batayán sa paghatol:

Layuning Pampagkatuto – 30%
- Pagbuo ng layuning pampagkatuto na may malinaw na paggamit ng pamanang pangkultura
- Pagsunod sa prinsipyo ng SMART (specific, measurable, attainable, relevant/realistic, time-bound) sa pormulasyon ng mga layunin
- Kabuluhan ng kontekstong pinanggagalingan ng aralin

Mga Gawain sa Pagtuturo-Pagkatuto – 40%
- Pagpili ng angkop na mga estratehiya at teknik na lilinang ng target na kompetensi
- Mahusay na paggamit ng pamanang pangkultura sa paglinang ng target na kompetensi
- Paggamit ng mga materyal panturo na nakaangkla sa napiling pamanang pangkultura
- Pagsasaalang-alang sa natatanging identidad o kaakuhan ng mga Pilipinong mag-aaral
- *Constructive alignment* o pagtugma ng mga gawaing pampagtuturo-pampagkatuto sa mga layunin at pagtataya

Pagtataya – 20%
- Pagbibigay ng balid na mga pormatibong pagtataya na magpapatibay sa pagtatamo ng target na kompetensi
- Suporta ng pagtataya sa pagpapahalaga sa napiling pamanang pangkultura
- Pagsunod sa prinsipyo ng SMART (specific, measurable, attainable, relevant/realistic, time-bound) sa pagbuo ng mga pagtataya

Presentasyon – 10%
- Pagiging kompleto ng mga impormasyon ayon sa hinihingi, kasama na ang mga sanggunian
- Pagsunod sa itinakdang pormat
- Kawastuan ng estruktura at gamit ng wika

14. Ang pasya ng lupon ng inampalan ay pangwakas at hindi na maiaapila.

15. Ang planong pampagkatuto ay dapat orihinal. Inirereserba ng PCEP ang karapatan nitong bawiin ang gantimpala sa mga kalahok na mapapatunayang nag-plahiyo ng kanilang lahok. Ang planong pampagkatuto ay mananatiling pag-aari ng kalahok ngunit maaaring gamítin ng PCEP para sa mga programa at gawain nito sa pahintulot ng mga gurong mag-aaral.

Para sa anumang katanungan, mag-email sa:
PCEP Secretariat
Email: diwangsagisagkultura@gmail.com
Facebook: @pcepofficial